Scholarum: Journal of Education
www.scholarum.dlsl.edu.ph
Vol. 2, No. 2, March 2023

Research Article

# Rehistro ng Wika sa mga Isyung Political sa Facebook

Edsel R. Marquez, MAEd
Southern Luzon State University
ermarquez@slsu.edu.ph

Helen E. Tolete, PhD
Sacred Heart College of Lucena City, Inc.
ellensisters@gmail.com

**ARTICLE INFO**
*Article History*
Date Received: December 10, 2022
Date Accepted: March 3, 2023
Keywords
Isyung politikal, glosaryong politikal, social media, teoryang sosyolinggwistika, teoryang speech act

**ABSTRAK**

Kailangan ang pagbuo ng repositoryo ng dunong upang makaambag sa korpora ng sariling wika at maging lunsaran ng kalakasan nito. Nilayon ng pag-aaral na makapangalap at makapagtala ng rehistro ng wika sa mga isyung politikal sa *Facebook* upang makabuo ng glosaryong politikal na magmumula sa lawas ng mga balitang onlayn. Binigyang-pansin ng mananaliksik ang pagbasa ng mga isyung politikal na makikita sa *Facebook*, pagtatala ng rehistro ng wika sa mga isyung politikal, at ang pagbuo ng glosaryong politikal bilang awtput nito. Deskriptibo-kwalitatibo at pagsusuring pangnilalaman na ibinatay sa teoryang *Speech Act* sa lente ng sosyolinggwistika bilang pamamaraan na inilapat sa pangangalap at pagsusuri ng korpus, pagpapalabas ng salita, at pagbibigay-kahulugan. Mula dito, natuklasan ang sumusunod: (1) may nakalap at naitalang mga isyung politikal sa taong 2016-2022. Sa klasipikasyon lumitaw ang sumusunod na isyu: 25 sa batas, 8 sa representasyon, 2 sa politikal na branding, 17 sa kontrobersiya, 5 sa sangay ng pamahalaan, 6 sa politikal na partisipasyon, 13 sa politikal na proseso, 7 sa pangyayari, 7 sa sistema ng pamamahala, 3 sa pagkakapantay-pantay, 3 sa programa/proyekto, 6 sa korupsyon, 3 sa internasyonal na ugnayan. (2) Nakapagtala ng 102 na rehistro ng wika sa isyung politikal na nasa konteksto ng lipunan, batas, seguridad, midya, korupsyon, ekonomiya, administrasyong pampubliko, pamamahala, politika, kasaysayan, pananaliksik, militar, teknolohiya, agham, kalikasan, at kultural. (3) Nakabuo ng glosaryong politikal ukol sa mga isyung mababasa sa *Facebook*. Naglalaman ito ng paglalahad ng domeyn, palabuoan, pinagmulan ng salita, ispesipikong taon ng pagkakagamit sa *Facebook*, at pagbibigay-kahulugan sa mga ito. Batay sa resulta ng pag-aaral, nabuo ang sumusunod na kongklusyon. (1) Umiiral ang malawak na baryasyon ng isyung sumasaklaw sa politikal na sistema sa mga balitang mababasa sa *Facebook*. (2) May mga kontekstong pinagmumulan ang rehistro na hindi lamang sa isang dominyo ang pokus kundi may ibang implikasyon sa iba't ibang politikal na sistema. Pinakamalaking bilang din nito ay mula sa batas at ang pinakamaliit na bilang ay mula sa internasyonal na ugnayan. (3) May 102 na entri ng mga rehistrong naitala sa nabuong glosaryong politikal. May pagtukoy rin ito sa ispesipikong domeyn na nagbibigay-pansin sa tiyak na konteksto o gamit ng salita sa isang partikular na sitwasyon.

## PANIMULA

Bitbit ng wika ang kakayahan at katangian nito bilang buhay na sisidlan, lagusan, at kahon ng mga karunungang hinubog ng interaksyon, sitwasyon, at karanasan. Itinatampok nito ang pangangailangan na mailarawan ang walang katapusang pagbabago ng lipunan. Sa pananaw rin ni Almario (2015) malaki ang gampanin ng wikang Filipino sa pambansang kaunlaran. Pangunahing remedyo rito ang mabilisan at malawakang pagdebelop sa Filipino bilang wika ng karunungan.

Sa kongreso, nangingibabaw pa rin ang paggamit ng Ingles sa mga debate ukol sa batas at isyu hinggil sa politikal. Sinasabi rin na ang wika ng batas at politika ay eksklusibo lamang sa mga nagpapakadalubhasa rito. Sa Ingles nakasulat ang diskurso nito, ang sitwasyong ito ay nagdudulot ng kasalatan sa impormasyon o *information gap* (Reyes, 2017). Sa ganitong kaso, nalilimitahan ang kakayahan ng wikang Filipino na magmulat at magbigay ng kamalayan sa mga mamamayan ng bansa bilang esensyal na gamit

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.

sa pagpapaunawa ng mga problema na namamayani sa sariling konteksto.

Sa kabilang banda, palasak ang paggamit ng *Facebook* bilang isa sa pangunahing tahanan ng mga diskusyon tungkol sa paksang politikal. Naging mabisa rin itong daan para sa plataporma na magpalaganap ng mga pambansang usapin at maglunsad ng mga pagkilos tungkol sa mga isyung ito na katulad ng mga balitang onlayn sa *Facebook*. Dagdag pa, ang kalikasan ng *internet* bilang isang mapag-ugnay na midyum ay nagiging dahilan ng pagtaas ng epekto nito sa pulitikal na konteksto (Bimber, 2012). Kaugnay nito, kung limitado man, mahalagang mabigyan ng puwang ang mga isyung politikal sa loob ng klasrum bilang isa sa mga napapanahong paksa ng talakayan. Katulong ang wika upang mapalalim ang pagtingin dito bilang isang problema, lalo't higit ang paggamit ng rehistro sa pagtukoy ng konteksto ng paksa. Sa gayong kaso, nalilimitahan ang kritikal na pag-iisip sa pagbuo ng desisyon at pananaw ng mga salitang hindi lubos na nauunawaan dahil sa kakulangan ng bokabularyong magtatawid mula sa pagiging mangmang sa problema tungo sa mga mag-aaral na may kamalayan sa politikal na isyu ng bansa. Sang-ayon kay Ferlazzo (2020) makatutulong ang mga guro at lider na masigurong ang pagtuturo ay nakapokus sa mga mag-aaral kung paano mag-isip sa halip na ano ang dapat isipin sa mga tema na naglalarawan sa estado at pambansang istandard ng pag-aaral. Magagamit ang rehistro ng wika upang maipahayag ang mga politikal na pananaw, opinyon, at ideya. Makatutulong din ito para impluwensiyahan ang mga mamamayan sa kung paano tutugon, at makabubuo ng desisyon sa mga politikal na isyu. Lalo't higit ang mga mag-aaral sa loob ng paaralan. Dinamiko ang politika katulad ng wika. Mahalagang magkaroon ang mga mag-aaral ng pundasyong establisado at kaalaman para makilahok nang mabisa sa mga debate, talakayan, at pagtingin sa mga politikal na pangyayari.

Kung susundin naman ang espasyo ng *Facebook*, laganap at umiiral dito ang pagtalakay hinggil sa napapanahong isyung politikal. Ang isyung politikal ay mga suliraning may malawak na saklaw hindi lamang patungkol sa lipunan kundi sa iba't ibang isyu katulad ng isyung pangkalikasan, seguridad, administrasyong pampubliko, batas, edukasyon, at iba pa. Mayroon itong malaking implikasyon o impluwensiya sa pamumuhay ng mamamayan. (Spacey, 2021). Ito rin ay karaniwang pinag-uusapan ng mga politikal na lider upang bigyang-pansin at solusyon. Maraming salita na bagaman inilatag ng isang pangunahing diskurso ay nagkakaroon ng ibang impak sa ibang sektor ng lipunan habang ito ay ginagamit. (Narvaez, 2019) Sa ganitong kalagayan, nakabubuo ng iba't ibang konteksto ng paggamit sa wika dulot na rin ng paglahok ng mga tao na may iba't ibang gawain, papel, interes, at saloobin sa proseso ng komunikasyon, nagiging hadlang ito sa lubos na pagkaunawa ng mambabasa.

Kaugnay nito, nagbubunsod din ito ng paglaganap ng mga disimpormasyon o *fake news* ng maling pagkakaunawa sa konteksto ng paggamit ng wika sa *Facebook*. Minamanipula ng maling pagkaunawa sa wika ang mga taong may kakulangan sa impormasyon ukol sa kontekstong pinag-uusapan. Sang-ayon kay Le et al. (2019) kinakailangan ng kaalaman sa konteksto ng paggamit ng wika upang makaiwas sa mga pekeng balita. Ang mga maling impormasyon ay nagbibihis

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.

bilang balita, lumalaganap sa internet katulad ng *Facebook*,at karaniwang nabuo para makaimpluwensiya sa paniniwalang politikal. Sa mabilis na paglaganap ng disimpormasyon/*fake news* sa *social media* kailangan ng rehistro ng wika na malinaw at may kredibilidad. Ang paggamit ng wika sa politikal na diskurso/konteksto ay kailangan na mabisang naipapahayag at natutugunan. Ang rehistro ng wika na obhektibo, *neutral* o walang pinapanigan ay mahalaga sa paglaban sa disimpormasyon. Mabibigyang-pansin din ng rehistro ng wika ang antas ng pag-unawa ng mga target na mambabasa. Sa mga terminong ginagamit mainam na nasusulat ito sa wikang dapat na nauunawaan ng mga mamamayang Pilipino. Nabanggit nina Cadwell at Richman (2020) na ang terminolohiya ay may kakayahang pukawin ang mga emosyon at bulabugin ang halalan. Ang mga politiko at ang miyembro ng ano mang midya ay gumagamit ng piling-pili at angkop na salita para magpahayag ng ideya, at ang pagkakaiba-iba sa pagitan ng kung paano ang mga malalaking isyu ay inilalarawan--- at kung paano ang mga botante at mamamayan ay tumutugon.

Sa katunayan, alinsunod kay Narvaez (2016), araw-araw may umuusbong na bagong salita. Sa bawat isyu at kontrobersiya, laro ng salita rin ang umiiral para ilarawan ang pangyayari. Kung walang dokumentasyon o pagtatala sa kasaysayan ng pag-iral at pagkamatay ng mga salita, malilimutan na lamang ito at maibabaon sa limot. Upang makaangkop nang tuluyan sa penomenong ito, kakailanganing makabuo ng korpora ng salita sa politikal na isyu o rehistro ng wika gamit ang wikang sarili.

Sa kabilang banda, ipinaliwanag ni Alonzo (2002 na binanggit nina Acopra et al. 2016) na malaki ang maaaring maging kontribusyon ng rehistro kaugnay pa rin sa barayti dahil sa tumutukoy ito sa iba't ibang domeyn ng wika na malawakang nagagamit sa iba't ibang larangan tulad ng edukasyon, midya, pulitika, at iba pa. Sang-ayon pa kay Reyes (2017) kung ang larangan ay tumatawag sa higit na kamalayang pambayan at katotohanan, ang wikang sarili ang dapat na manaig. Makatutulong din ito upang lubos na maunaawaan ang isang partikular na konteksto. Sa kabilang dako, ang polisiya hinggil sa paghahayin ng bagong asignaturang Filipino noong 2017 bilang bahagi ng CHED memorandum order blg. 20 s. 2013 na nakaangkla sa konteksto at pangangailangan ng mga Pilipino bilang mga bagong asignatura ay nangangailangan ng pantulong na batis sa ikayayaman ng pagtalakay nito.

Gayunpaman, bagaman may mga pag-aaral hinggil sa wika at politika, hindi pa rin maikakaila ang kakulangan ng ispesipikong pag-aaral hinggil sa wika ng politika na ginagamit sa iba't ibang plataporma ng *social media* katulad ng *Facebook*. Makapagbibigay rin ito ng makabagong pananaw sa nagbabagong kalikasan ng politikal na talakayan sa makabagong panahon. Bilang mga guro sa Filipino, ang nabanggit na pangangailangan ang nagtulak sa mananaliksik upang magtala ng mga rehistro ukol sa mga isyung politikal. Bahagi ito ng pang-araw-araw na pamumuhay ng mga tao na input sa isang mayaman at kritikal na pagtalakay sa mga aralin. Mahalagang batis ito sa pag-aaral ng kasaysayan ng wika upang malaman ang pinagdaanan nito at kung bakit ito kailangang tanggapin bilang bahagi ng sariling konteksto. Gayundin sa mga ispesipikong asignatura katulad ng Kontekstwalisa-

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.

dong Komunikasyon sa Filipino at Kontemporaryong isyu na tumatalakay sa mga isyung panlipunan na karaniwang nakakawing sa pagtalakay sa pinagmulang politikal na konteksto nito.

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Binibigyang-diin ng pag-aaral na ito ang paggamit ng palarawan o deskriptibo-kwalitatibong dulog para sa pagtatala, pangangalap, at pagbibigay-kahulugan sa mga termino o salita sa mga isyung politikal. Sang-ayon kay Nassaji (2015) mabisang pamamaraan ito sa paglalarawan ng kasalukuyang sitwasyon ng mga bagay-bagay. Madalas itong ginagamit sa mga pananaliksik na nauukol sa wika, panitikan, at agham panlipunan. Samantala, iniangkla ng mga mananaliksik sa pag-aaral na ito ang pagsusuring pangnilalaman (content analysis) na ibinatay sa teoryang *Speech Act* ni Austin (1952, na binanggit ni Mambrol, 2020) sa lente ng sosyolinggwistika at klasipikasyon ng mga balitang onlayn o isyung political sa mga ispesipikong paksa gamit ang teoryang politikal, upang maging balangkas sa naturang pagsusuri sa korpus nito. Partikular na ang pagpapalabas ng kahulugan ng rehistro mula sa kontekstong pinagmulan nito na balitang onlayn na mula sa mga indibidwal na account, pahina, at organisasyon o samahan sa *Facebook*.

### Korpus ng Pag-aaral

Isinasaalang-alang ng mananaliksik ang pagiging awtentiko at lehitimo ng mga post sa *Facebook* katulad na lamang ng mga artikulo o teksto sa paraan na ang mga ito ay post mula sa mga pahina ng balitang onlayn na may malaking bilang na (1000 pataas) ng tagasunod (*followers*) at patuloy na ginagamit ang naturang pahina o indibidwal na account.

Ang bawat post ay may taong 2016-2022 na naaayon sa isyung pampolitika na mayroong pinakakaunti (minimum na bilang) isanlibong (1000) na reaction, isandaan (100) na komento, at limampu (50) na pagbabahagi o shares at pataas pa. Sa imbestigasyon ukol sa *virality* o pagiging popular ng isang *online content*, ito ang dahilan kung ano ang nagtutulak sa mga tao para magkuwento, magbahagi ng balita, at impormasyon. (Berger at Milkman, 2011). Ang isang politikal na isyu ay maisasailalim sa virality kung ito ay nababanggit ng makailang ulit sa mga politikal na post o lumalaganap pa rin sa iba pang *social media platforms*.

Maliban sa *Virality* kinakailangan din na makita ang pagiging awtentiko ng isang impormasyon batay sa batis o pinagmulan nito. Alinsunod kina Pulido CM, Redondo-Sama G, Sordé-Martí T, at Flecha R (2018) kinakailangan na masuri ang mga profayl o tala ng mga gumagamit ng partikular na account na nakikipag-interak, ang ebidensiyang ito sa pagsasaalang-alang ng limitasyon ng pagkapribado at ang pagpuno niya ng mga impormasyon sa kaniyang profayl. Ikalawa ay ang artikulasyon o pagiging malinaw ng papel na ginagampanan ng partisipasyon ng gumagamit sa pagtatasa ng dating nito sa sosyolohikal na aspekto.

### Pangangalap ng Datos

Naging sentro ng pananaliksik ang pagkalap at

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.

pagtatala ng rehistro ng wika sa mga lawas ng batis katulad ng balitang onlayn sa *Facebook*.

Una, nagtala ang mananaliksik ng mga salitang lumalaganap sa midya katulad ng naririnig sa telebisyon, radyo, pahayagan, at *social media* patungkol sa politikal na isyu. Matapos nito, hinanap ang mga balitang onlayn na kinatatampukan o sentro ang mismong politikal na isyu na naitala ng mga mananaliksik na pumapailalim sa paksang may kaugnayan sa binanggit ni De Guzman (2017) sa teoryang politikal na ang mga isyu ay sumasaklaw sa sumusunod: batas, representasyon, politikal na branding, proseso, pangyayari, politikal na partisipasyon, korupsyon, pagkakapantay-pantay, kontrobersiya, sangay ng pamahalaan, sistema ng pamahalaan, program proyekto, at internasyonal na ugnayan na may taong 2016-2022. Ang nabanggit na mga taon ay ang panahon kung saan nagsimulang maglipana ang balitang onlayn sa *social media* katulad ng *Facebook*, kaalinsabay rin ng pamamayagpag ng kabuoang termino administrasyon ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte sa panahong hinuhubog ng platapormang ito ang makabagong paraan ng talakayan ukol sa politikal na sistema. Ito ang panahon kung kailan nailimbag ang partikular na artikulo ukol sa isyung politikal.

Sa paghahanap ng mga balitang onlayn na nagbibigay-tuon sa politikal na isyu isinaalang-alang ng mananaliksik ang pagkakaiba ng politikal na isyu sa politikal na usapin. Ang politikal na isyu ay mga isyung binibigyang-pansin ng mga tao dahil sa ito ay may bigat bilang isang panlipunang isyu na kinakailangang mabigyang solusyon o may malaking implikasyon sa mga tao, nasa sa loob dapat ito ng politikal na sistema na karaniwang nabibigyang-pansin ng mga politikal na lider sa loob ng pagpupulong o di kaya ay sa kongreso. Kaiba ito sa usaping politikal na karaniwang hindi kinuha ng mananaliksik dahil wala itong malaking implikasyon sa estado, komunidad, at politikal na sistema.

Dapat nagtataglay ang politikal na isyu ng sumusunod na katangian: una napapanahon o may malaking implikasyon sa lipunan o mamamayan, sumasaklaw at makabuluhan sa usaping panlipunan, pampolitika, kapaligiran, at ekonomiya, may pakikisangkot ng pamahalaan at mamamayan, may pinalilitaw na ideolohiya sa konteksto, may binibigyang-linaw na suliranin, may malinaw na implikasyon at impluwensiya sa lipunan o mamamayan, may temang pinag-uusapan na maaaring positibo o negatibo.

Nakakuha ang mananaliksik ng lima hanggang pito na balitang onlayn sa loob isang oras na mariing dapat na sinisiyasat nang mabuti ang bawat katangian ng isyu upang ito ay maiklasipika bilang isang partikular na isyu.

Matapos makalap at maiklasipika ang mga naturang balitang onlayn o isyung politikal sa mga ispesipikong klasipikasyon ng paksa ay nagkaroon ang mananaliksik ng konsultasyon mula sa tagapayo ayon sa isinagawa nitong pagtatala at klasipikasyon.

Gumawa ng liham ang mananaliksik para sa permiso at pagpapatibay ng espesyalistang impormante para sa balidasyon ng datos. Dumaan ito sa dalawang espesyalistang impormante na dalubhasa sa larangan ng wikang Filipino at Araling Panlipunan upang ma-

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.

balideyt ang kaangkupan, kaayusan, at pagiging balido ng naturang pagsusuri o klasipikasyon na isinagawa sa datos.

**Pagsusuri ng Datos**

Sa unang layunin na pagbasa ng mga isyung politikal sa *Facebook* taong 2016-2022 na mga balitang onlayn, ginamit ng mananaliksik ang Teoryang Politikal. Ang Politikal na Teorya ang humuhubog sa ating paraan ng pag-iisip patungo sa pag-unawa ng sariling lipunang ating kinabibilangan. Binibigyang paliwanag nito ang nangyayari sa komunidad na ating ginagalawan, malaman ang ating karapatan at gampanin, magdesisyon sa dapat o hindi dapat, mabigyang-solusyon ang mga etikal na problema, at maunawaan ang politikal na debelopment at politikal na krisis na nangyayari sa mundo (Dryzek, Honig, at Phillips, 2013). Tinukoy ni Held (1991) isang politikal na siyentipiko na binanggit ni Biswas (2020) ang Teoryang Politikal bilang ugnayan ng mga konsepto at paglalahat ukol sa pagkakasangkot ng mga ideya, pagpapalagay, at pahayag hinggil sa kalikasan, layunin, at susing kalahok katulad ng pamahalaan, estado, at lipunan, at ang politikal na kapasidad ng isang tao.

Alinsunod kay De Guzman (2017) natutuon ito sa mga ispesipikong paksa katulad ng sumusunod: batas, representasyon, politikal na branding, proseso, pangyayari, politikal na partisipasyon, korupsyon, pagkakapantay-pantay, kontrobersiya, sangay ng pamahalaan, sistema ng pamahalaan, programa o proyekto, at internasyonal na ugnayan. Ginamit ito ng mananaliksik upang masuri at maiklasipika ito sa umiiral na klasipikasyon ng ispesipikong paksa katulad ng nabanggit.

Una, ang batas na sistema ng tuntunin o regulasyon na iniimplementa sa sosyal at sa pamamahala ng mga institusyon para maisaayos at makontrol ang mga bagay-bagay. Ikalawa, representasyon ang mga kinakatawan ng mga partikular na termino sa isang partikular na sitwasyon maaaring isang simbolismo, isang organisasyon at pagkilos, partidong kinakatawan ang mga nasasakupan, at maaaring bagay katulad ng opinyon, perspektiba, interes, diskurso, politikal na konteksto, at mga bagay na naisasantabi. Ikatlo, politikal na branding na ipinakikilala ng politiko o personalidad ang sarili sa madla sa pamamagitan ng pagkakabit ng sariling pangalan sa mga pangyayari, bagay o di kaya'y pag-iiwan ng mga pahayag na magtitiyak na matatandaan sila ng publiko minsa'y nagtataglay ito ng propaganda.

Ikaapat, sa politikal na proseso makikita natin na hindi lang simpleng interaksyon ang nagaganap kundi may sistema itong sinusunod. May kaniya-kaniya itong gamit upang maging maayos ang daloy ng naturang sitwasyon o gawain. Ikalima, pangyayari, mas nakasentro ito sa kaganapan o pinangyarihan kaysa sa pagiging kontrobersiya nito. Bahagi ito ng usaping politikal dahil sa pagtugon ng pamahalaan sa suliraning pinalilitaw nito. Ikaanim, politikal na partisipasyon, umiiral ito batay sa katuturan ng tungkulin at gampanin ng pagkamamamayan. Ikapito, korupsyon, dahil sa lapit ng karanasan at pagkakaroon ng kamalayan ng mga mamamayan kaya't nabuo ang sariling lawas ng mga termino patungkol dito. Ikawalo, pagkakapantay-pantay, hindi lamang ito patungkol

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.

Scholarum: Journal of Education
www.scholarum.dlsl.edu.ph
Vol. 2, No. 2, March 2023

sa pagkakapantay-pantay sa kasarian kundi sinaklaw rin nito ang estado sa lipunan, at edukasyong natamo kung kaya't nagkakaroon ng pagbabakod sa loob ng lipunang ginagalawan.  Ikasiyam, Ikasiyam, kontrobersiya, ang paksang ito ay pinag-uusapan at patuloy na namamayagpag dahil maaaring may malaking implikasyon ang naging resulta nito sa mga tao. Pumapatungkol din ito sa walang katapusang pagbibigay ng pananaw o opinyon ng mga tao sa isang partikular na paksa. Ikasampu, sangay ng pamahalaan, malaki ang gampanin nito sa politikal na desisyon na ibinibigay ng pamahalaan. Hindi nawawala ang mga sangay nito upang tugunan ang suliranin ng bansa at upang magkaroon ng balanse sa pamumuno. Ikalabing-isa, sistema ng pamamahala, nakalapat ito batay sa pangangailangan ng isang institusyon na lumilitaw sa pamamaraan o sistema sa isang bansa o nasyon. Ikalabing dalawa, programa o proyekto, may pagkakataon na mula ito sa isang batas, ngunit lumitaw ito upang sumagot sa pangangailangan ng iba't ibang sektor at ng maging ng mamamayan. Tanda rin ito na may maayos na pamamahala sa loob ng isang bansa. Ikalabing tatlo, internasyonal na ugnayan, dahil sa may diplomatikong relasyon ang Pilipinas sa iba pang bansa lumitaw ang paksang ito. Ngunit may pagkakataon na dahil sa may mga isyung panlipunan hinggil sa paglabag sa karapatang pantao kung kaya't nakukuha nito ang atensyon ng husgado labas sa hurisdiksyon sa Pilipinas upang bigyang-puna o hatol ang mga isyung panlipunan na ito.

Kasunod nito  ang pagsusuri ng korpus o balitang onlayn upang mapalitaw ang rehistro at kahulugan nito sa pamamagitan ng *Speech Act Theory* ni JL Austin (1952, na binanggit ni Mambrol, 2020)  sa lente ng sosyolinggwistikong teorya. Ang mga nakuhang balitang onlayn bilang korpus ay sandigan na ang mga ito ay gumagamit ng wika upang magpahayag. Ang mga salitang ginagamit dito ay nakatulong upang lubos na maunawaan ng mambabasa. Sa lente ng sosyolinggwistikang teoryang, nagkakaroon ng kabuluhan ang ano mang pahayag, aksyon, salita kung ito ay nakakonteksto sa loob ng lipunan at sinasabi sa ibang indibidwal o grupo.

Nakatulong ito upang mapalitaw ang rehistro mula sa mga isyung politikal at kahulugan nito ayon sa sariling konteksto. Sang-ayon dito na habang ang ispiker ay nagbibigay-pahayag kaalinsabay nito ang pagpapakita ng kilos katulad ng paglalahad, pagbibigay-impormasyon, at marami pang iba.  Binigyang-pansin ng mananaliksik ang tatlong uri ng Speech Act mula sa teoryang *Speech Act* ni Austin (1952, na binanggit ni Mambrol, 2020)  upang mapalitaw ang rehistro at kahulugan ayon sa kontekstong pinagmulan nito. Kabilang dito ang *locutionary act*, *illocutionary act*, at *perlocutionary act*.

Sa *locutionary act*, ito ang aktwal na pahayag o paraan ng pagkakasabi. Matatagpuan ito sa mga balitang onlayn na nakalap ng mananaliksik. Maaari itong salita, parirala, o pangungusap.  Nangyayari ito kung ang mga nabanggit ay bahagi ng kaligiran ng yunit ng  pahayag at walang ano mang intensyong iba pa, kundi ang literal na kahulugan nito. Magkapareho rin ang pagkakaunawa ng ispiker at tagapakinig dito. Sa kabilang banda, ang *illocutionary act* naman ay tumutukoy sa pagpapakahulugan ng ispiker. May nais na ipakahulugan ang nagsasalita mula sa nakatagong kahulugan ng pahayag.  Kilos ito ng pagpapahayag dahil

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.

Scholarum: Journal of Education
www.scholarum.dlsl.edu.ph
Vol. 2, No. 2, March 2023

sa sumusunod: pagbibigay ng opinyon, pagkonporma o pagtanggi, pagbibigay prediksyon o pangako, paghiling, pagbibigay ng utos o desisyon, at pagbibigay payo o permiso. Samantala, ang perlocutionary act naman ay nakapokus sa implikasyon o epekto ng naturang pahayag. Nagaganap ang act na ito kung nahanap ito sa parehong ispiker o tagapakinig, at maaaring alinman sa dalawang nabanggit. Ang epekto ay maaring hindi lang pisikal o berbal, maaari rin itong nakapupukaw o nakaiinsulto, nakahihikayat o nakapagpapababa dahil sa kagustuhang mabago ang ang damdamin, kaisipan, o kilos.

Halimbawa:

**Rehistro ng Wika:** Amnestiya
***Locutionary Act:***
- Ginawaran ng amnestiya ni Pangulong Rodrigo Duterte ang mga miyembro ng MILF, MNLF, at RPA-Alex Boncayao Brigade na nakagawa aniya ng mga krimen dahil sa kanilang mga paniniwalang politikal.

***Illocutionary Act:***
- Patatawarin ng pamahalaan ang mga nabanggit dahil bahagi ng amnestiya ang kanilang mga naging kaso.
- May nagawang pagkakasala ang mga nabanggit na miyembro ng MILF at MNLF, at si RPA-Alex Boncayo Brigade katulad ng pagpatay, sedisyon, rebelyon, ilegal na pagpupulong, tuwirang pag-atake, di-tuwirang pag-atake, iskadalo at iba pa dahil sa ideolohiyang politikal.

***Perlocutionary Act:***
- Mawawala ang pagkabahala ng mamamayan dahil sa makapagbibigay ng kapayapaan ang isinagawa ng pamahalaan na pagbibigay ng amnestiya.

Sa puntong ito, ang pagkaunawa ng mga tagagamit ng *Facebook* sa ipinapahayag ng ispiker sa balitang onlayn ay nagbibigay-daan sa opinyon o pananaw na naiiwan sa mga mambabasa. Ang implikasyon o epekto sa kanila ay bunga ng lubos na pagkaunawa sa konteksto.

Ang sosyolinggwistikong teorya ay naging pundasyon o ginamit sa pagbasa upang masabi na ang wikang kinakikitaan ng kilos ay may kabuluhan dahil naitatalastas ng tao ang kaniyang pagpapakahulugan dito. Sa madaling salita, ang mga naitalang rehistro ay nagmula at binigyan ng kahulugan ayon sa kilos na ipinakikita ng pahayag o sa konteksto sa pamamagitan ng teoryang *speech act*. Ang nilalaman ng glosaryong politikal ay nagmula sa pagpapakahulugan sa mismong konteksto.

Mula sa halimbawang nasa itaas, walang tiyak na pagpapakahulugan o pagkaunawa sa salitang amnestiya mula sa *locutionary act*. Lumitaw ang rehistrong ito ayon sa *illocutionary act* na pagpapakahulugan ng ispiker. May tiyak na gamit ito ayon sa konteksto ito ay pagpapatawad ng pamahalaan sa isang politikal na kaso at mariing tumutukoy ito sa isang kaso na nakagawa ng krimen hinggil sa sedisyon, rebelyon, ilegal na pagpupulong, tuwiran at di-tuwirang pag-atake ayon sa kanilang politikal na dahilan. Sa madaling sabi, lumilitaw ang isang rehistro ayon sa alin ang mas binibigyang diin ng *locutionay act* at nabibig-

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.

Scholarum: Journal of Education
www.scholarum.dlsl.edu.ph
Vol. 2, No. 2, March 2023

yang-kahulugan naman ito ayon sa *illocutionary act* na pagpapakahulugan ng ispiker at gayundin sa *perlocutionary act* na implikasyon o dating sa mambabasa.

Para sa ikalawang layunin, ang mga lahok na salita o naitalang rehistro ng wika mula sa mga isyung politikal ay nagbigay rin ng pansin sa palabuoan kung ang mga ito ay nagtataglay ng sumusunod: akronim, pagbaybay sa wikang Filipino, pagpapaikli at paghahalo, pagbibigay ng bagong kahulugan, paghango sa pangngalang pantangi, paglikha ng salita, at pagbaybay sa wikang Filipino at pagbabaliktad. Pumapailalim ito sa akronim kung kinuha ang unang titik ng bawat salita upang bumuo ng katawagan halimbawa EJK o *Extra-Judicial Killing*, MSME o *Micro, Small, Medium Enterprises*, TRAIN o *Tax Reform for Acceleration and Inclusion*; Panghihiram kung tuwiran o tahasang ginamit ang isang salitang hindi Filipino katulad ng *cyberlibel*, *history distortion*, *international criminal court*, *mysoginst*, at *wiretapping* na kapuwa nanghiram sa wikang *Ingles*; Pagbaybay sa wikang Filipino kung ang salitang Ingles ay binaybay o binasa ng pa-Filipino katulad ng amnestiya mula sa amnesty, ehekutibo na mula sa executive, Federalismo na mula sa *Federalism*; Pagbaybay sa wikang Filipino at pagbabaliktad katulad ng dinastiyang politikal na mula sa *political dynasty* at Korte Suprema mula sa *supreme court*; Pagpapaikli at paghahalo halimbawa chacha na mula sa *charter change*, sandiganbayan na mula sa sandigan ng bayan, at tokhang na mula sa katok at hangyo; Pagbibigay ng bagong kahulugan na katulad ng *porkbarrel* na mula sa kahulugan nito bilang pondo ay naging tampulan ng korupsyon at dilawan na sumisimbolo sa kulay na nagbibigay ng bagong kahulugan bilang partido sa politiko; Paghango sa pangngalang pantagi halimbawa dutertismo na mula sa pangalan ng Pangulo ng Pilipinas na si Pangulong Rodrigo R. Duterte at; Paglikha ng salita katulad ng dagdag-bawas bilang pagpapakahulugan sa pandadaya sa bilang ng boto sa eleksyon.

Matapos maiklasipika ang mga balitang onlayn o isyung politikal, nakapagtala ng rehistro, at nabigyan ng kahulugan. Sa pagbuo ng glosaryo, ang pagsasalin ng mga lahok na salita sa Filipino ay ibinatay sa pananaw ni Santiago (1981 na binanggit ni Tudtod, 2020) na lapit na batay sa preperensya o decision procedure. Magsasalin lamang ng salita kung pangangailangan at kung hindi ito magdudulot ng kalituhan sa gagamit.

**Mga Espesyalistang Impormante**

Ang pag-aaral ay may pangangailangan na matukoy ang kaangkupan ng mga balitang onlayn na post na mababasa sa *Facebook*. Kung kaya't mangangailangan ng pangkat ng mga eksperto na magbeberipika ng korpus, pagsusuri, at interpretasyon ng datos na prosesong dapat bigyang-pansin sa pagsasagawa ng pag-aaral.

Una, isang guro sa Agham Panlipunan na nagtapos ng kaniyang masterado sa nabanggit na espesyalisasyon. Binigyang-pansin nito ang pagtanggap sa kaangkupan ng mga balitang onlayn sa isinagawang klasipikasyon ng mananaliksik ng mga isyung politikal sa mga ispesipikong paksang kinabibilangan nito, ang naging pagsusuri sa korpus, at ang mga naitalang rehistro na nagmula rito.

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.

Scholarum: Journal of Education
www.scholarum.dlsl.edu.ph
Vol. 2, No. 2, March 2023

Ang ikalawang espesyalistang impormante ay guro sa Wika. Pangangailangan din na nagtapos ito ng masterado sa parehong espesyalisasyong pinagkakadalubhasaan. Binigyan naman niya ng pansin ang mga proseso ng pagkakabuo, pinagmulan, at domeyn na kinabibilangan ng salita bilang ito ay dagdag na korpora sa Wikang Filipino sa disiplinang politikal.

**Etikal na Konsiderasyon**

Binigyang-pansin ng mananaliksik ang *Facebook Legal Terms of Service* kung saan nakatuon ito sa pagbibigay-kalayaan sa publiko na makita at basahin ang mga naturang paskil katulad na lamang ng balitang onlayn ng iba't ibang organisasyon at *personal account*. Ang ano mang paskil na nasa loob ng komunidad ng *Facebook* ay nakabatay sa privacy policy nito. Sa oras na ilagay ito sa estado bilang pampublikong paskil sa ilalim ng *privacy settings*, may kalayaan na ang mga gumagamit ng aplikasyon na ito na gamitin ang naturang paskil. Sa pagkakataong ito walang tiyak na isinaad ang *Facebook Legal Terms of Service* hinggil sa paggamit ng mananaliksik ng mga datos na magmumula rito, ngunit dahil ang mananaliksik ay bahagi rin ng komunidad ng nasabing espasyo malinaw na siya ay masasabi ring sangkot bilang tiyak na tagagamit ng aplikasyon.

Kabilang sa *Facebook Community Standards* ang pagwawaksi at pagbibigay-pansin sa mga disimpormasyon o mga *fake news* na laganap sa kasalukuyan. Kabilang sa hakbang na ginagawa nila ay ang pagtukoy sa mga *fake news* sa pamamagitan ng komunidad na kinabibilangan nito at ang *third party fact checking organizations* upang mapigilan ang pagpapakalat nito. Sa mahigpit na pagpapatupad ng polisiya hinggil sa pagpapaskil ng *fake news*, hindi nila pinapayagan na bumili ang mga ito ng mga adbertismo sa kanilang platporm. Ang patuloy na pag-a-update ng mga bagay na ginagamit sa pagtukoy at paghahanap ng mga *fake accounts* sa *Facebook*, upang hindi makapanloko at makapagpaskil ng mga hindi makatotohanang impormasyon. Binigyang-pansin din ng mananaliksik ang mga balitang onlayn ng mga kilalang *online news site* na nagpapaskil dito at indibidwal na account na nagbibigay ng mahalagang tala sa kanilang profayl.

## RESULTA AT PAGTALAKAY

Tinatalakay sa bahaging ito ang nagging resulta ng pag-aaral na inilahad gamit ang mga talahanayan batay sa nakalap na mga datos.

**Talahanayan 1. Mga Isyung Politikal sa Facebook: Taong 2016-2022**

| *Taon* | *Mga Isyung Politikal sa Facebook* |
|---|---|
| 2016 | Dagdag-Bawas |
| 2017 | Bilanggong Politikal, Change is Coming Conjugal Dictatorship, Dilawan, DDS, Oplan Double Barrel, Pasista, Pork Barrel, RH Law, TRAIN, Whistleblower |
| 2018 | Bangsamoro Basic Law, Dengvaxia, Endo , Kontraktuwalisasyon Lumad, Tanimbala |
| 2019 | Diktaturya, Foundling, Imperyalista, Pambasang Epal , Suffrage |
| 2020 | Anomalya, Anti-terrorism Law, Ayuda, Chacha, Dinastiyang Politikal, Historical Revisionism, Kasong Arbitral, Impeachment, Mysoginist, Oppression, Pandarambong, Pandemiya, Pardon, Patriyarkal, Political Propaganda, Press Freedom, Quo Warranto, SAF44, VFA |
| 2021 | Aktibista, Aktibismo, Amnestiya, Bayanihan Act, Boycott, Build Build Build Program, Cancel Culture, Caravan, Collateral Damages COC, COVID 19, Cyberlibel, Demokrasya, Dolomite Beach, Dutertismo, Ehekutibo, Elitista, Extra-Judicial Killing, E-VAT, Fakenews, |

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.

| | |
|---|---|
| | False Dichotomy, Federalismo, 4P's, History Distortion/ Denialism, Hudikatura, Ill-gotten wealth, International Criminal Court, International Law Commission, Komunista, Kortesuprema, Lehislatura, Malbersasyon, Mamasapano Massacre, Marawi Siege, Marcos Apologist Marginalized, MSME, NTF-ELCAC, Oligarkiya Partylist, Peddlers, Populista, Pulse Asia, Red Tagging, SALN, Sandiganbayan, Sibak, SOGIE Bill, SWS, Tax Evasion, Terorista Terorismo, Trapo, Trolls, Tokhang, Tyranny, Wangwang, War on Drugs, Wiretapping |
| **2022** | COMELEC |

Ipinakikita ng Talahanayan 1 ang mga isyung politikal na mababasa sa *Facebook* sa taong 2016-2022. Alinsunod kay Billman (2018) ang politikal na isyu ay tumutukoy sa mga kontrobersiya na pinag-uusapan sa loob ng plitikal na sistema katulad ng mga isyung sosyal: aborsyon, buwis, pamamahala, patakarang panlabas (*foreign policy*), at malayang pakikipagkalakalan atbp.. Ang mga politikal na isyu ay yaong pinag-uusapan ng mga politikal na lider sa loob ng mga pagpupulong, lehislaturang pang-estado, at kongreso. Sa kabilang banda, nalalayo ang kahulugan nito sa usaping politikal na pinag-uusapan ng tao ngunit hindi ganoon kalaki ang implikasyon sa desisyon ng mga politikal lider. Sa madaling salita, labas ito sa politikal na sistema na binibigyang-tuon sa proseso ng pagbibigay ng solusyon o pagbuo ng desisyon sa isang partikular na isyu.

Ang katangian ng isyu ay ang sumusunod: una, napapanahon o may malaking implikasyon sa lipunan o mamamayan, sumasaklaw at makabuluhan sa isyung panlipunan, pampolitika, kapaligiran, at ekonomiya, may pakikisangkot ng pamahalaan at mamamayan, may pinalilitaw na ideolohiya sa konteksto, may binibigyang-linaw na suliranin, may malinaw na implikasyon at impluwensiya sa lipunan o mamamayan, may temang pinag-uusapan na maaaring positibo o negatibo.

Ang mga isyung politikal na naitala ay bahagi ng interaksyon sa loob ng *social media* katulad ng *Facebook*. Ang kahulugan nito ay tinukoy at pinalitaw sa pamamagitan ng Teoryang *Speech Act* ni JL Austin. Katulad ng halimbawa sa ibaba:

HALIMBAWA blg. 1

**Rehistro ng Wika:** Amnestiya

***Locutionary Act:***

- Ginawaran ng amnestiya ni Pangulong Rodrigo Duterte ang mga miyembro ng MILF, MNLF, at RPA-Alex Boncayao Brigade na nakagawa aniya ng mga krimen dahil sa kanilang mga paniniwalang politikal.

***Illocutionary Act:***

- May nagawang pagkakasala ang mga nabanggit na miyembro ng MILF at MNLF, at si RPA-Alex Boncayo Brigade katulad ng pagpatay, sedisyon, rebelyon, ilegal na pagpupulong, tuwirang pag-atake, di-tuwirang pag-atake, iskadalo at iba pa dahil sa ideolohiyang politikal.
- Patatawarin ng pamahalaan ang mga nabanggit dahil bahagi ng amnestiya ang kanilang mga naging kaso.

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.

***Perlocutionary Act:***

- Malinis ang halalan noong 2016 sa pagka-bise-Presidente.

Ipinapakita ng naturang pagsusuri ang kabuluhan ng paggamit ng wika sa pakikipag-interaksyon ng isang tao sa pamamagitan ng pagbasa ng mga post katulad ng balitang onlayn sa *Facebook*. May mga pahayag tayong hindi lubos na mauunawaan kung hindi tayo pamilyar sa kabuuang isyu o konteksto. Ang *locutionary act* ay pahayag na nauunawaan ng kapuwa ispiker at tagapakinig. Sa kaso ng illocutionary act, malinaw na mahalaga ito sa pagpapalitaw ng tunay na intensyon at pagpapakahulugan ng ispiker lalo na't gumagamit ang *locutionary act* ng wika o rehistro na nasa sa loob lamang ng politikal na konteksto. Sang-ayon kay Nordquist (2019) upang maging mabisa ang illocutionary act, kailangan na pamilyar ang ispiker sa kaniyang wikang ginagamit. At dapat ito ay tiyak na nauunawaan ng kaniyang awdiyens o mambabasa. Katulad na lamang ng halimbawa ukol sa amnestiya. Hindi buo ang pagkakaunawa sa nais na sabihin ng ispiker sa *locutionary act* sa pagbibigay ng amnestiya sa mga miyembro ng MILF, MNLF, at RPA Alex Boncayo Brigade kung hindi mo lubos na nauunawaan ang paglalapat ng konsepto ng amnestiya sa konteksto. Sa kabilang banda, makikita mo ang implikasyon at epekto ng pahayag na ibinigay ng ispiker batay sa perlocutionary act na ipinakikita.

Kahit nasa loob ng politikal na konteksto ang paggamit ng wika sa mga isyung matatagpuan sa balitang onlayn, mauunawaan ito sa pamamagitan ng mga kilos na ipinakikita ng ispiker sa pahayag. Sa pananaw nga ni Vasay (2015) ang paggamit ng wika ay may baryasyon ayon sa kultura, istatus, at paniniwala. Subalit, sa paggamit ng pagsusuri, maaaring mabigyang-kahulugan ito sa pamamagitan ng *Speech Act* na ginagawa ng isang ispiker. Dagdag pa ng *University of Minnesota* (2021), kinatatampukan dapat ang pahayag ng mga makatotohanang karanasan o interaksyon. Dapat din hindi lang nagtataglay sa kaalaman sa wika ang bumabasa nito kundi gayundin sa kaalaman sa kultura o konteksto ng pahayag. Bahagi ang Teoryang *Speech Act* ng Sosyolinggwistika lente, sa paraang ang komunikasyon na tampok ang iba't ibang tao na may kanya-kanyang interes, gawain, at pinagmulan ay may magkakaibang paraan din ng pag-unawa sa mensahe. Sa pagkakataong ito iniangkla ang pag-aaral sa sosyolinggwistikong teorya na binanggit ni Geronimo, Petras, at Taylan (2016) na ang pagbabago sa wika ay dulot din ng pamamalagay rito bilang panlipunang penomeno. Ibig sabihin, nagkakaroon ng kabuluhan ang ano mang salita o pahayag ng indibidwal kung ito ay nailulugar sa loob ng lipunan at itinatalastas sa kausap o grupo ng mga tao.

Ang kilos ng pagpapahayag ay nakatutulong sa pagpapalitaw ng kahulugan ng mga sinasabi ng ispiker sa isang partikular na pag-uusap. Ang mga balitang onlayn na lumalaganap at pumapaimbulog sa *Facebook* ay nagtataglay ng kilos mula sa mga tagapagsalita at inuunawa ng mga mambabasa upang ibigay ang kaniyang opinyon sa naturang isyu.

Pagdating naman sa paglalapat ng Politikal na Teorya, nagkaroon ng iba`t ibang klasipikasyon mula rito katulad ng batas, representasyon, politikal na branding, kontrobersiya, sistema ng pamamahala, sangay ng pamahalaan, pangyayari, politikal na bansag,

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.

Scholarum: Journal of Education
www.scholarum.dlsl.edu.ph
Vol. 2, No. 2, March 2023

programa o proyekto, pagkakapantay-pantay, politikal na proseso, politikal na partisipasyon, korupsyon, at internasyonal na ugnayan (De Guzman, 2017). Sa madaling sabi, ang klasipikasyong nabuo ay buhat sa pagkakatulad-tulad ng mga isyung politikal ayon sa temang binibigyang-pansin nito.

**Talahanayan 2. Mga Naitalang Rehistro ng Wika ukol sa mga Isyung Politikal**

| Salita | Konteksto |
|---|---|
| Amnestiya, Anti-terrorism law, Bangsamoro Basic Law, Bayanihan Act, COMELEC, Demokrasya, Endo, Ehekutibo, 4ps, Kontekstwalisasyon, Korte Suprema, Impeachment, International Law Commission, International Criminal Court, Kasong Arbitral, Lehislatura, Pardon, Press Freedom, Red Tagging, Sandiganbayan, SOGIE Act, TRAIN, Suffrage, Tax Evasion | Batas |
| Conjugal Dictatorship, Dilawan, Marginalized, Marcos Apologist, Pambansang Epal, Partylist, Trapo, Wangwang | Representasyon |
| Change is Coming, DDS | Politikal na Branding |
| Cancel Culture, Collateral Damages, Conspiracy Videos, Cyberlibel, Dengvaxia, Dolomite Beach, Extra Judicial Killing, Fakenews, Foundling, Ill-gotten wealth, Kontraktwalisasyon, Lumad, Pork Barrel, Red Tagging, Tanimbala, Tax Evasion. Tokhang | Kontrobersiya |
| Ehekutibo, Hudikatura, Lehislatura, Kortesuprema, Sandiganbayan | Sangay ng Pamahalaan |
| Aktibismo, Ayuda, Boycott, Caravan, Political Propaganda, Sufrrage | Politikal na partisipasyon |
| COC, COMELEC, False Dichotomy, History Distortion/Denialism, Historical Revisionism, Impeachment, NTF-ELCAC, Pulse Asia, Quo Warranto, SALN, Sibak, SWS, VFA | Proseso |
| Aktibista, Bilanggong Politikal, Elitista, Imperyalista, Komunista, Pasista, Populista, Terorista, Tibak, Trolls, Whistle Blower | Politikal na Bansag |
| COVID 19, Mamamasapano Massacre, Marawi Siege, Pandemiya, SAF44, Terorismo, War on Drugs | Pangyayari |
| Demokrasya, Diktaturya, Dinastiyang Political, Dutertismo, Federalismo, Oligarkiya, Tyranny | Sistema ng Pamamahala |
| Mysoginist, Opresyon, Partriyarkal | Pagkakapantay-pantay |
| Build build build project, MSME, 4ps | Programa o Proyekto |
| Anomalya, Creddit Grabbing, Dagdag-bawas, Malbersasyon, Pandarambong, Peddlers, Wiretapping | Korupsyon |
| International Law Commission, Iinternational Criminal Court, Kasong Arbitral | Internasyonal na Ugnayan |

Makikita sa Talahanayan 2 ang mga naitalang rehistro ng wika ukol sa isyung politikal sa *Facebook*. Nakapagtala ng isandaa't dalawa (102) na rehistro ng wika sa isyung politikal. Sang-ayon kay Narvaez (2016) pangalawa sa pinakamalaking may impluwensiya sa pagpasok ng mga salita sa korpus ng wikang Filipino ay nagmula sa politika na may 23 bahagdan. Kinabibilangan nito ang mga paksang may kaugnayan sa eleksyon, seguridad, katiwalian, at ng kilos tungo sa pagbabago. Karaniwan na ang isang salita ay pumapailalim sa isa o higit pang konteksto ng paggamit o dominyo. Maaaring ito ay nasa sa mismong politika at maaaring nagagamit din sa konteksto ng administrasyong pampubliko, batas, midya, ekonomiya, sining, lipunan, seguridad, pamamahala, kultural, kasaysayan, agham, pananaliksik, medisina, at kulturang po- pular ngunit sa isyung politikal maaaring pumailalim sila sa batas, representasyon, politikal na branding, kontrobersiya, sangay ng pamahalaan, politikal na partisipasyon, proseso, politikal na bansag, pangyayari, sistema ng pamamahala, pagkakapantay-pantay, programa o proyekto, korupsyon, at internasyonal na ugnayan. Binigyang-pagpapatibay ito ni

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.

Scholarum: Journal of Education
www.scholarum.dlsl.edu.ph
Vol. 2, No. 2, March 2023

(2016) na maraming salita sa sawikaan na bagaman iniluwal ng isang pangunahing diskurso ay nagkakaroon ng ibang impak sa ibang sektor ng lipunan habang ito ay ginagamit.

Naitala ang rehistro ng wika sa mga isyung politikal ukol sa batas sa mga sumusunod batas internasyonal, batas kriminal, batas ng pag-aari, batas, konstitusyonal/administratibo, batas sibil, batas statues, at batas pangmanggagawa kung saan pumapailalim rito ang mga ispesipikong isyung politikal katulad ng sa batas internasyonal nabanggit ang mga isyung politikal katulad ng international law commission, international criminal court, at kasong arbitral, batas konstitusyon/administratibo katulad ng amnestiya, COMELEC, demokrasya, ehekutibo, kortesuprema, *impeachment*, lehislatura, *pardon*, *press freedom*, sandiganbayan, at *suffrage*, batas kriminal na *cyberlibel* at *red-tagging*, batas pangmanggagawa katulad ng endo at kontekstwalisasyon, batas pangbuwis katulad ng *tax evasion*, batas statues katulad ng *anti-terrorism law*, *bangsamoro basic law*, bayanihan act, *4p's*, *SOGIE ACT*, at *TRAIN*.

Ang mga nabanggit na rehistro ay pumapailalim bilang batas sa kadahilanang tumutugon, kumukontrol at nakatutulong ito sa kaayusan upang maibigay ang pangangailangan ng lipunan. Pumapatungkol ito sa mga batas na nabuo at iminumungkahi buhat sa suliraning nagmumula sa konteksto ng lipunang ginagalawan. Sang-ayon kay Whittington (2012) ang batas ay mahalagang gamit sa pagtugon ng pamahalaan sa kaayusan, isang instrumento na sumusubok na impluwensiyahan ang lipunan. Malaki ang naging gampanin ng mga salitang ito upang maglunsad ng pagkontrol sa mga bagay-bagay na pumapailalim sa pamamahala.

Binigyang-pansin din ng mananaliksik ang representasyon. Halimbawa nito ang *conjugal dictatorship*, dilawan, *marginalized*, *marcos apologist*, pambansang epal, *partylist*, trapo, at wangwang. Alinsunod kay Dovi (2018) ang sumusunod ang bumubuo sa politikal na representasyon, una ang partido na kinakatawan (ang kinatawan, organisasyon, pagkilos, atbp.), ikalawa, ang partidong kinatawan (mga nasasakupan, mga kliyente, atbp.) Isang bagay na nirerepresenta (opinyon, perspektiba, interes, at diskurso, atbp.), tagpuan kung saan nagaganap ang gawaing representasyon (politikal na konteksto) at mga bagay na nababalewala o hindi nabibigyang-pansin. Patunay lamang ito na laganap ang representasyon pagdating sa mga politikal na usapin, halimbawa na lamang ang dilawan na kumakatawan sa partidong liberal, at ang *marginalized* na nagrerepresenta sa mga sektor o mga taong hindi nabibigyang-pansin sa lipunan o ng pamahalaan.

Kakabit din ang politikal na *branding*, katulad ng *Change is Coming* at DDS. Ibinebenta ng mga politiko at mga personalidad ang kanilang sarili upang matandaan ng masa. Higit na sinasalamin nito ang impluwensiya ng mga taong ito sa espasyo ng *social networking sites*. Gumagamit ang mga politiko ng iba't ibang pamamaraan ukol dito, halimbawa na lamang ang mga gimik, pakulo, pag-iiwan o pag-uulit ng pahayag na tiyak na matatandaan ng tao o di kaya naman ay ang pagkakabit ng pangalan nila sa mga bagay o pangyayari. Pagdating naman sa branding ng pamahalaan ginagamit nila ito upang magsilbing propaganda

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.

sa pagtutuon ng atensyon ng publiko sa isang partikular na isyu. Sa inilabas na sarbey mula sa Pew Research Center (2016) ipinakikita nito ang pagtaas ng paggamit ng *social media* ay nakapagpabago sa istratehiya ng komunikasyon ng mga politiko, na nakapagdaragdag ng malaking gampanin sa pamamaraan ng pangangampanya at makipag-interak sa mga bumubuto, lalo't higit sa kabataan. Nakatutulong ang politikal *branding* sa partido o kandidato na baguhin o panatilihin ang reputasyon at ang suporta sa kaniya, bumuo ng identidad sa mapagkakatiwalaang ugnayan sa pagitan ng naghaharing-uri at mga konsumer. Wika ni Torres-Spelliscy (2019), ang politikal *branding* ay proseso ng pag-uulit ng salita o parirala o *logo* hanggang sa ito ay manatili na sa isipan ng publiko, samantala ang branding naman mula sa pamahalaan ay isang propaganda na ipinamumudmod sa publiko upang iligaw o ituon ang atensyon ng masa sa isang partikular na isyu.

Pang-apat, ang kontrobersiya, katulad ng *cancel culture*, *collateral damages*, *cyberlibel*, *dengvaxia*, *dolomite beach*, *extra-judicial killing*, *fake news*, *foundling*, *ill-gotten wealth*, kontraktwalisasyon, lumad, *oplan double barrel*, *pork barrel*, *red tagging*, tanimbala, *tax evasion*, at tokhang. Hindi lamang ito nakalimita sa iisang pangyayari, ngunit tumatalakay ito sa kinaharap ng lipunan sa nagdaang panahon. Ang paksang ito ay pinag-uusapan ng mga tao dahil sa ito ay maaaring may malaking implikasyon at naging epekto sa kanila o sa lipunang kanilang ginagalawan. Kaagapay pa rin ang *social media* dito, dahil sa walang katapusang pagbibigay-pansin, pag-uusap, dabate, at pagpapalitan ng opinyon ukol sa usaping ito kung kaya't patuloy itong namamayagpag sa espasyo kung saan ito kabahagi. Pumapasok ito bilang isang usaping politikal sa paraang partisipant o kalahok ang mga programa, kilos, at gawain ng isang politiko o maging ng pamahalaan.

Sa pananaw nga ni Heywood (2013, na binanggit ni Villanueva, 2017) ang mga kontrobersiyal na usapin ay namamayani dahil sinusubukan ito na bigyan ng remedyo sa pamamagitan ng diskusyon, kompromiso, pagpapalitan ng ideya, at pagsang-ayon (*consensus*), kung saan kabilang ang mga mamamayan sa pagbuo ng isang desisyon. Kung kaya't patuloy itong namamayani at nagiging palasak sa *social media*. Ang positibo at negatibong pidbak ng mga tao ang bumubuhay rito. Sang-ayon pa rin kina Maxwell McCombs at Donald Shaw na binanggit nina Acerit, et al. (2018) itinatakda ng pangmadlang midya ang dapat na pag-usapan ng publiko. Sa pananaw din ni Uhlaner (2015) ang politikal na kontrobersiya ay isang estado ng mahabang pampublikong debate, kadalasan ito ay napatutungkol sa mga magkakaibang opinyon. .

Panlima ang sangay ng pamahalaan, malaking bahagi ng politikal na desisyon ang sangay ng pamahalaan. Ang ehekutibo na nagpapatupad ng batas, ang lehislatibo na gumagawa ng batas, ang hudikatura na nagbibigay-hatol at puna sa binuong batas at mga korte na pumapailalim dito. Sa pamumuno hindi nawawala ang sangay na ito upang bigyang-tugon ang suliranin kinakaharap ng lipunan. Makikita rin na may kaniya-kaniya itong kapangyarihan na napapailalim sa tinatawag na *check and balances* upang mabigyang-kontrol ang pang-aabuso sa kapangyarihan. Ang mga isyung naitala sa ilalim nito ang sumusunod: ehekutibo, hudikatura, lehislatura, kortesuprema, at

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.

at sandiganbayan.

Pang-anim ang politikal na partisipasyon, kabilang dito ang mga isyu katulad ng aktibismo, ayuda, *boycott*, *caravan*, *political propaganda*, at *suffrage*. Sa paksang ito kaugnay ang mga bagay-bagay sa pakikiisa sa mga gawaing politikal. Higit na nakasalig ito sa pagkakaroon ng kamalayan sa kung paano ang iyong tungkulin o gampanin bilang mamamayan ay nabibigyang-katuturan. Halimbawa nito ang *suffrage* ang karapatan ng pagboto ng mga mamamayan ay isinasaad ng konstitusyon ngunit ang kusang pakikiisa upang magluklok ng pinuno na tutulong sa pagpapaunlad ng sariling bansa ay isang malaking gampanin para sa lahat gayundin ang aktibismo na isinasagawa upang bigyang suporta at tugon ang isang isyung sosyal na hindi binibigyang-pansin ng pamahalaan atbp. Sa pananaw ni Dalton (2008, na binanggit nina Conaco at Quinones, 2015) nakita niya na ang pagkamamamayan ay may dalawang pamantayan; ang isa ukol sa tungkulin at ang isa ay batay sa partisipasyon o *engagement*. Mapapansin na ang mga balitang onlayn na naitala ay kinasasangkutan ng mga gawain na nangangailangan ng pakikilahok o pagsali upang maisagawa ang isang gawaing politikal.

Ang politikal na partisipasyon ay tumutukoy sa boluntaryong gawain na isinasagawa ng masa o publiko upang makaimpluwensiya sa pampublikong polisiya, tuwiran man o para makaapekto sa piling tao na gumagawa ng polisiya. Ang halimbawa nito ay ang pagboto tuwing eleksyon, pagtulong sa politikal na pangangampanya, donasyon ng pera para sa kandidato o para sa isang layunin, pakikipag-ugnayan sa mga opisyal, pagpetisyon, protesta, at pakikitrabaho sa ibang tao ukol sa iba't ibang isyu (Uhlaner, 2015).

Pampito ang politikal na proseso, maraming aspekto ang politika na gumagamit ng proseso. Malalaman natin na may sinusunod na sistema ang politika at hindi lamang ito nakatuon bilang isang simpleng interaksyon. Halimbawa na lamang ang paghahain ng COC o *Certificate of Candidacy*, ang pagsisiwalat ng SALN o *Statement of Assets*, *Liabilities*, and *Network*, ang pagtatanggal sa puwesto sa pamamagitan ng pagsibak at impeachment. May kaniya-kaniya itong gamit upang maging matiwasay at maayos ang daloy ng naturang gawain. Kabilang dito ang isyu hinggil sa COC, COMELEC, *False Dichotomy*, *History Distortion/Denialism*, *Historical Revisionism*, *Impeachment*, NTF-ELCAC, Pulse Asia, Quo Warranto, SALN, Sibak, SWS, at VFA.

Sinundan ito ng politikal na bansag, ginamit itong klasipikasyon upang ipakita at ilarawan ang iba't ibang ispesipikong katawagan sa mga taong pinatutungkulan bilang lahok sa isang tiyak na gawain at sitwasyon. Halimbawa nito ang aktibista, bilanggong politikal, elitista, imperyalista, komunista, pasista, populista, terorista, *trolls*, at *whistleblower*. Isa sa mariing pinag-uusapan ang isyu patungkol sa mga aktibista. Ang naging reaksyon ni Bayan Secretary-General Renato- Reyes Jr. ukol sa pagpatay sa mga aktibista sa CALABARZON o *southern luzon* na nangangailangan na ng pagtugon ng kortesuprema dahil sa pang-aabuso sa '*search warrant*.' Kaugnay nito ang katotohanan na may dahilan ang kanilang pag-iral sa komunidad na pinatunayan ni Arao (2013) marapat na tingnan ang estado ng lipunan para malaman kung bakit kailangan ng mga tunay na aktibista na nagtata-

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.

guyod ng pambansang kaunlaran, pagbabago, at panlipunang katarungan.

Pansiyam na klasipikasyon ang pangyayari. Kabilang dito ang mga isyu tungkol sa COVID '19, Mamasapano Massacre, Marawi Siege, Pandemiya, SAF44, Terorismo, at *War on Drugs*. Kaiba ito sa paksang kontrobersiya sapagkat ito ay tiyak na pangyayaring naganap. May pagkakataon naman na maaaring ito ay pumailalim din bilang isang kontrobersiya ngunit mas sentro ito sa kaganapan o pinagyarihan. Bahagi ito ng usaping politikal sa paraang ang kasangkot sa mga pangyayaring ito ay ang pagtugon ng pamahalaan sa mga tiyak na sitwasyong naganap sa bansa. Ibinigay ni Pazzibugan at Subingsubing (2021) ang dahilan kung bakit naging kontrobersiyal ang pangyayaring war on drugs, sa mga naitalang kaso nito at sa mga napatay sa digmaan sa droga ay nauwi sa pagkakalabag sa karapatang pantao. Inalmahan din at nabahala dito ang grupo ng mga nagtataguyod ng karapatang-pantao at ilang pamahalaang kanluranin. Naging usap-usapan ito hindi lang sa loob ng bansa kundi nakuha rin nito ang atensyon ng mga hurisdiksyon sa lebel internasyonal.

Sumunod ang sistema ng pamamahala, Hindi lingid sa ating kaalaman na maraming lumilitaw na pamamaraan o sistema upang pamahalaan ang isang bansa o nasyon. Maaaring ito ay ilapat din sa isang partikular na organisasyon o institusyon depende sa pangangailangan na mayroon ito. Kabilang dito ang demokrasya, diktaturya, dinastiyang politikal, dutertismo, federalismo, olikarkiya, at tyrrany. Halimbawa nito ang dinastiyang politikal na matagal nang problema ng lipunang Pilipino. Naging malaking usapin ito sapagkat sa pananaw ng Bertelsmann Foundation (2014, na binanggit nina Acerit et al., 2018) isa sa sanhi ng kahirapan sa Pilipinas at hadlang sa pag-unlad nito ang pagkakaroon at pananatili ng kontrol ng *elite* o naghaharing uri sa sistemang politikal at ekonomiko ng bansa, tinatawag din itong politikal na dinastiya. Sinang-ayunan naman ito ni Tadem (2016) tatlo ang naging salik ng politikal na dinastiya sa bansa kung bakit ito naging popular, una may pundasyon itong sosyo-ekonomik at politikal, nagiging hadlang ito sa pagbuo ng batas na naglilimita rito, ikatlo, ang kahinaan ng potensyal ng panig na hahamon sa sistemang mayroon ang mga naghaharing uri na nasa kaniya-kaniyang puwesto.

Ikalabing-isa ang pagkakapantay-pantay. Ikinabit bilang paksa ang pagkakapantay-pantay salig sa umiiral na diskriminasyon sa iba't ibang uri ng pagbabago sa lipunan. Hindi lamang sa kasarian sa pagitan ng kalalakihan at kababaihan kundi sa kabuuan. At sa iba't ibang aspekto ng lipunan sa estado ng pamumuhay, edad, at edukasyong natamo. Kabilang dito ang mysoginist, oppression, at patriyarkal. Sang-ayon sa European Institute for Gender Equality (2017) ang pagkakapantay-pantay ng kababaihan at kalalakihan sa politika ay mahalagang kondisyon sa mabisang demokrasya at maayos na pamamahala. Liban sa pagpapatibay at pagsasaayos ng demokratibong sistema, ang lubos na partisipasyon ng kababaihan sa pagdedesisyong pampolitikal ay maraming positibong implikasyon sa lipunan na makatutulong sa pagsasaayos ng pamumuhay ng parehong kasarian.

Alinsunod kay Ranada (2021) ang paggamit ng terminong *mysoginist* ni Pang. Rodrigo Duterte ay

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.

Scholarum: Journal of Education
www.scholarum.dlsl.edu.ph
Vol. 2, No. 2, March 2023

naging tampulan ng samu't saring komento dahil sa pagkakaroon ng agam-agam sa kakayahan ng babae na mamuno sa bansa, hindi lamang sa posisyon ni VP Leni Robredo gayundin sa kaniyang sariling anak na nagbabalak tumakbo sa mataas na posisyon sa bansa.

Binigyang-tuon din ang programa at proyekto. Kabilang dito ang isyu katulad ng *build, build, build program*, MSME, at 4p's Hindi ito mawawala lalo't ito ang isa sa bunga ng pagkakaroon ng maayos na pamamahala. Liban sa sumasagot ito sa suliranin binibigyang-pansin din nito ang pangangailangan na mayroon ang isang lipunan. May pagkakataon na ang isang programa ay mula sa isang batas. Pinag-usapan ang *build, build, build program* sa *social media* sapagkat ayon sa isang *Press Release* ng *Senate of the Philippines* (2019) nabanggit ni Sen. Gatchalian na ito ang pinakamalaking proyekto ng pamahalaan pagdating sa imprastraktura, kasama ang mga paliparan o airports, mga railway na commuter rail, seaports, mga maliliit at malalaking kalye, at tulay na mag-uugnay sa loob ng bansa at isla.

Binanggit din bilang klasipikasyon ang usapin ukol sa korupsyon. Kabilang dito ang anomalya, dagdag-bawas, malbersasyon, pandarambong, *peddlers*, at *wiretapping*.

Namamayani ito noon pa man at hindi nawawala sa kasalukuyang administrasyon. Dahil sa tagal ng pamamayagpag nito sa bansa at gayundin sa iba't ibang institusyon may mga nabuo na ring sariling klasipikasyon ng salita. May pagkakataon na nagiging isang kontrobersiya ang korupsyon ngunit dahil sa nakabuo na ito ng sariling rehistro naihihiwalay ito bilang kaibang aspekto ng usapin. Pinatunayan ni Elli (2012) sa kaniyang pag-aaral na may pamagat na *Mind, Corrupted Culture*? Pag-aaral sa Diksyonaryo ng Korapsyon sa Pilipinas sa Sosyolinggwistiks na Pananaw may sariling wika ang korupsyon sa bansa. Dulot ng matagal na pamamayagpag nito sa pamamahala at iba't ibang institusyon. Mababakas sa kaniyang pag-aaral na ang ilang dahilan sa pag-iral ng mga terminong korapsyon ay dahil sa mga karanasan ng mga Pilipino. Mauunawan rin na may mga implikasyon ang mga salitang ito pang-araw-araw na pamumuhay gaya ng pagiging mulat at pagkakaroon ng kamalayan sa mga ito upang mapadali ang pagsunggab sa korapsyon. Hindi maipagkakaila na dumarami na rin at dinamiko ang mga salitang korapsyon dahil sa patuloy na pagkakaroon ng makabagong pagpapakahulugan sa ilang salita, at sa pag-iimbento ng iba mula sa mga kaso. Ang mga isyung politikal na ipinaskil sa social midya na *Facebook* ay patunay lamang na namamasid at karaniwang pinag-uusapan at inuugnay ng mga tao ang kanilang mga obserbasyon at pangyayaring nakikita nila sa lipunang ginagalawan, kung kaya't ginagamit nila ang mga terminong ito sa pagpapahayag.

Sang-ayon pa rin kay Narvaez (2016) hindi dapat mawala ang isyu ng katiwalian lalo sa lipunang Pilipino na may napakahabang kasaysayan at patuloy itong tinutuligsa ng mamamayan. Nabanggit din ni Narvaez (2016, na sang-ayon kay Moradilla, 2000) ang salitang pluder o pandarambong ay kadikit na ng bawat politikong namumuno sa pamahalaan. Nag-ugat ito sa sinusubaybayang kalagayang politikal simula pa noong pamumuno ni dating Pangulong Ferdinand E. Marcos na nagpasok sa Pilipinas noong dekada 80 sa

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.

Scholarum: Journal of Education
www.scholarum.dlsl.edu.ph
Vol. 2, No. 2, March 2023

*Guiness Book of World Records bilang "biggest corruption* of all time".

Pinakahuli bilang isyung politikal ang internasyonal ugnayan. Kabilang dito ang *international law commission*, *international criminal court*, at kasong *arbitral*. May diplomatikong relasyon ang Pilipinas sa iba't ibang bansa. Hindi rin maikakaila na kahit na may magandang relasyon ito sa ibang bansa ay hindi pa rin mawawala ang pansariling agenda at interes ng mga kaalyado nito kung kaya't nagkakaroon ng suliranin pagdating sa usaping teritoryo at soberanya. Isa pa ang pagkakaroon ng mga paglabag sa karapatang-pantao sa loob ng bansa na naging hakbang sa pagsupil sa mga suliraning panlipunan bilang tugon ng administrasyon dito kung kaya't nakakukuha ng atensyon sa internasyonal na korte na magbibigay-desisyon kahit na labas ito sa hurisdiksyon ng bansa. Binigyan nga ito ng patunay ni Sawyer (2011), ang bagong *social* midya ay naging isa popular na bahagi ng ating pang-araw-araw na buhay at sa kasalukuyang global na komunidad. Naitala rin ng balitang onlayn patungkol sa *international law commission* ang pinakamalaking bilang ng interaksyon dahil sa isyung kinakaharap ngayon ng bansa sa pamumuno ng Pang. Rodrigo Duterte sa usapin patungkol sa digmaan sa droga. At gayundin sa nominasyon ni Harry Roque sa nasabing samahan. Kung saan makikita na hindi lamang sa loob ito ng bansa naging usapan kundi pati na rin sa internasyonal na lebel. Sa pagkakataong ito nakuha ang atensyon ng hurisdiksyon sa internasyonal husgado.

Samantala sa mga naitalang rehistro ng wika sa isyung politikal, nakapagtala ng tatlumpu't tatlong mga salitang dumaan sa proseso ng panghihiram katulad ng sumusunod: *anti-terror law*, *ayuda*, *boycott*, *build build build program*, *cancel culture*, *caravan*, *change is coming*, *collateral damages*, *conjugal dictatorship*, *cyberlibel*, *foundling*, *history distortion/ denialism*, *historical revisionism*, *ill-gotten wealth*, *impeachment*, *international law commission*, *international criminal court*, *marginalized*, *mysoginist*, *oplan double barrel*, pandarambong, *pardon*, *partylist*, *peddlers*, *political propaganda*, *press freedom*, *quo warranto*, *suffrage*, *tax evasion*, *trolls*, *tyranny*, *war on drugs*, at *wiretapping*. Alinsunod kay Enriquez (1985) na binanggit ni Tudtod (2020), ganap na hinihiram ang salita kapag wala itong anumang panumbas sa wikang Filipino at pinapanatili ang paraan ng pagbaybay dito. Inaangkat ang salita batay sa orihinal na paraan ng pagbaybay nito at kahulugan na mula sa ibang wika at kultura.

Binigyang-tugon naman ito ni Villegas (1998 na binanggit ni San Juan, 2019) ang isa sa preperensya ng mga awtor ng aklat sa agham, agham-panlipunan at matematika sa pagbuo ng mga terminolohiya ang panghihiram-ganap "o ang pag-angkin at panghihiram" nang buo sa mga salitang banyaga. Sinang-ayunan naman ito ni Santiago (1981 na binanggit ni Tudtod 2020) na kung mahirap makilala ang salita sa binagong baybay panatilihin na amang ang orihinal na baybay. Nabanggit din ni Narvaez (2016) na ang panghihiram ng salita ang madalas na nagpapayaman sa wika at madalas banyagang wika ang pinagmumulan dulot ng karanasang kolonyalista. Malaki rin ang impluwensiya ng edukasyong Amerikano, bilang wikang pandaigdig. Mahabang listahan ng salita sa agham, negosyo, politika, teknolohiya, musika, panitikan, at iba pang larang ang bahagi na

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.

ng wikang Filipino.

Karaniwan din na napapailalim ang mga ito sa mga ispesipikong domeyn katulad ng batas, seguridad, lipunan, midya, administrasyong pampubliko, militar, agham, ekonomiya, politika, kulturang popular, at teknolohiya.

Nakapagtala rin ng labing-apat na rehistro ng wika sa isyung politikal na pumailalim sa proseso ng akronim katulad ng sumusunod: BBL mula sa *Bangsamoro Basic Law*, COC mula sa *Certificate of Candidacy*, DDS mula sa *Duterte Die-hard Supporters/ Davao Death Squad*, EJK mula sa *Extra Judicial Killings*, E-VAT mula sa *Extended Value Added Tax*, MSME na mula sa *Micro Small Medium Enterprises*, 4P'S na mula Pantawid Pamilyang Pilipino Program, RH Law na mula sa *Reproductive Health Law*, SAF44 na mula sa *Special Arm Forces* 44, SALN na mula sa *Statement of Asset, Liabilities and Network*, *SOGIE Bill* na mula sa *Sexual Orientation, Gender Identity, and Gender Expression*, SWS na mula sa *Social Weather Stations* , TRAIN na mula sa *Social Weather Stations*, at VFA na mula sa *Visiting Forces Agreement* sumasaklaw sa domeyn nito sa politika, midya, batas, ekonomiya, seguridad, lipunan, pananaliksik, at administrasyong pampubliko.

Binuo ang mga salita sa pamamagitan ng akronim, sa pananaw din ni Tudtod (2020) na minsan nabubuo ang salita sa paraang pasalita o paiskrip at tinatawag ang prosesong ito na hiram-daglat. Alinsunod din kay Nordquist (2018), ang akronim ay nabubuo sa pamamagitan ng unang titik ng pangalan o pagsasama-sama ng inisyal na titik ng salita. Sa pananaw naman ni Izura (2011), mas madaling maunawaan at matandaan ng tagagamit ang paggamit akronim, kahit na hindi ito sumusunod sa ortograpiya at ponolohikal na alintuntunin.

Sa proseso naman ng pagbaybay sa wikang Filipino nakapagtala ng dalawampu't tatlo na salita kabilang ang aktibista sa activist, aktibismo sa activism, amnestiya sa amnesty, demokrasya sa democracy, diktaturya sa dictator, dinastiyang politikal sa political dinasty, ehekutibo sa *executive*, elitista sa *elitist*, federalismo sa *federalism*, kontraktuwalisasyon sa *contractualization*, hudikatura sa *judiciary*, imperyalista sa *imperialist*, lehislatibo sa *legislative*, komunista sa *communist*, malbersasyon sa *malversation*, oligarkiya sa *oligarchy,* opresyon sa *oppression*, pandemiya sa *pandemic*, pasista sa *facist*, patriyarkal sa *patriarchal*, populista sa *populist*, terorista sa *terorist*, at terorismo sa *terrorism*.

Sa pag-aaral ni Tullao (2016) sa kaniyang binasang papel sa Pambansang Kongreso sa Wikang Filipino ng Komisyon sa Wikang Filipino na may pamagat na Pagbuo ng Registri sa Larang na Ekonomiks: Isang Hakbang Tungo sa Intelektwalisasyon, makikita na ang isang paraan sa pangangalap at pagsasalin ng salita ay ang episyenteng pagbaybay nito sa wikang Filipino.

Sinang-ayunan din ito ni Enriquez (1985) na binanggit ni Tudtod (2020) na ang mga salitang hinihiram mula sa ibang wika at ang pagpapakahulugan dito ay inaangkin o hinihiram may pagbabago sa tunog at baybay. Katulad ng isinagawa ng mananaliksik na pagbaybay sa wikang Filipino at pagdaragdag at

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.

pagbabago ng ponema. Tinatawag din itong salitang paimbabaw.

Binigyang-pansin din ang pagtatala ng salita na pumapailalim sa proseso ng pagbaybay sa wikang Filipino at pagbabaliktad. Nakapagtala ng apat (4) na salita kabilang ang kabilang dito ang bilanggong politikal sa *political prisoners*, dinastiyang politikal sa *political dynasty*, kasong arbitral sa *arbitral case*, at kortesuprema sa *supreme court*. Sa pananaw ni Enriquez (1985) na binanggit ni Tudtod (2020) na may mga salitang binabago ang ponolohiya ngunit pinapanatili ang orihinal na pagpapakahulugan kung saan pumapailalim ito sa pagsunod sa sintaktikang Filipino o saling gramatikal. Maaaring gamitin sa pagbuo ng termino ang panghihiram o pag-aangkin at panghihiram na may pagbabago sa anyong ponolohikal at morpolohikal sa pagsulat ng aklat sa agham, agham panlipunan at matematika (Villegas, 1998 na binanggit ni San Juan, 2019) Dagdag pa ni Santiago (1981) na binanggit ni Tudtod (2020) na kung madaling makilala ang kinalabasan ng pagbabagong-baybay ay baguhin ang baybay nito.

Nakapagtala rin ng labing-isang (11) salita sa proseso ng pagbibigay ng bagong kahulugan. Kabilang dito ang dilawan, *dolomite beach*, *marginalized*, pambansang epal, *pork barrel*, *red tagging*, sibak, tanimbala, trapo, wangwang, at *whistle blower* na nagmula rin sa mga ispesipikong domeyn katulad ng politika, lipunan, sining, administrasyong pampubliko, kulturang popular, militar, kalikasan, at midya. Nabuo ang mga salita sa pamamagitan ng pagbibigay ng bagong kahulugan. Sang-ayon kina Caja, Nada, at Villalobos (2015), isa sa proseso ng pagbuo ng salita ang pagbibigay ng bagong kahulugan na matatagpuan sa iba't ibang lawas ng impormasyon at sitwasyon na nagdudulot ng paglitaw ng mga salitang ito.

Sa pananaw rin ni Narvaez (2016) hinggil sa pag-unlad at pagbabago, nag-iimbento ng bagong salita at nagkakaroon ng bagong kahulugan ang mga dati nang salita batay sa bago ring karanasan ng isang lipunan. Mula sinauna hanggang kontemporaryo, kasaysayan ang ang makapaglalarawan sa pagbabago at pag-usbong ng mga salita sa isang wika. Marami sa karaniwang salita ang nabago na ang kahulugan o nagkaroon ng ibang katangian sang-ayon sa panahon.

Nakakuha rin ng rehistro ng wika na pumapailalim sa pagpapaikli at paghahalo na may bilang na labing-isa (11). Kabilang dito ang bayanihan act na mula sa salitang Filipino na bayanihan at salitang ingles na act, chacha na mula sa charter change, COMELEC na mula sa *commission on election*, COVID-19 na mula *corona virus* 2019, Endo mula sa *end of contract*, *fake news*, *false dichotomy* na mula sa salitang ingles na *false* at salitang griyego na dikhotomia, dikho "sa dalawa o magkahiwalay" +tomia "makita", Sandiganbayan mula sa sandigan ng bayan, tokhang mula sa katok at hangyo/pakiusap, tanimbala na mula sa taniman ng bala, at trapo na mula sa *traditional politician*. Nagmula ito sa iba't ibang ispesipikong domeyn katulad ng batas, politika, agham, medisina, ekonomiya, pamamahala, lipunan, midya, at administrasyong pampubliko.

Ang mga salitang ito ay pumailalim sa proseso ng paghahalo at pagpapaikli at alinsunod kay Tudtod (2020), may mga salitang tinatawag na hiram-daglat,

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.

kung saan karaniwang umiimbento o bumubuo ng salita sa pamamagitan ng pagpapaikli sa mga ito sa paraang pasalita o paiskrip.

Nakakalap naman ng walo (8) salita sa proseso ng paghango sa pangngalang pantangi, kabilang ang *dengvaxia* na brand ng isang bakuna kontra *dengue*, dutertelite at dutertismo na kapuwa hinango sa pangalan ng Pangulong Rodrigo R. Duterte, lumad mula sa salitang Cebuano na Katawhang Lumad o katutubo, *mamasapano massacre* mula sa pangalan ng munisipalidad ng Mamasapano, Maguindanao sa Pilipinas., marawi siege mula sa pangalan ng Lungsod ng Marawi, Lanao Del Sur, marcos apologist mula sa pangalang pantangi na ng dating diktador na Pangulong Ferdinand E. Marcos, at pulse asia. Karaniwan ang mga salitang ito ay hango sa pangalang pantangi. Binanggit naman ni Tudtod (2020) na hinihiram nang ganap ang mga salitang pantangi, teknikal, at pang-agham, pinapanatili rin ang sistema ng pagbaybay rito

Naitala rin ang isang (1) termino na dagdag-bawas na binuo sa pamamagitan ng proseso ng paglikha ng salita. Nagmula rin ito sa domeyn ng politika. Sa pag-aaral ni Tullao (2016) sa kaniyang binasang papel sa Pambansang Kongreso sa Wikang Filipino ng Komisyon sa Wikang Filipino na may pamagat na Pagbuo ng Registri sa Larang na Ekonomiks: Isang Hakbang Tungo sa Intelektwalisasyon, makikita na ang isang paraan sa pangangalap at pagsasalin ng salita ay ang pagbuo ng salita o maugnayin. Kaugnay rin nito ang naging pamamaraan ng Maugnaying Talasalitaang Pang-agham, Ingles-Filipino (1969), gumamit ito ng lapit na pagbuo ng bagong salita (word formation).

Isang salita lamang ang naitala para sa likhang salita. Wika rin ni Narvaez (2016) may mga imbentong salita na nililikha at ginagamit pero may namamatay at may lumalaganap. Sa huli, taumbayan pa rin ang magpapasiya sa "buhay ng isang salita o ng isang wika sa pamamagitan ng patuloy na paggamit nito. Nauso ang neolohismo o paglikha ng salita bunsod sa layunin ng paglaya at pagbura sa mga alaala ng mananakop. Kailangang magpasok ng bagong karunungan para burahin ang karanungan ng mananakop.

## KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang kinalabasan ng pag-aaral ay nilagom batay sa mga tiyak na layuning inilahad. Batay sa pangangalap at pagtatala ng rehistro ng wika sa isyung politikal sa Facebook ang sumusunod ang naging resulta: May nakalap at naitlang mga isyung politikal sa taong 2016-2022. Sa klasipikasyon, lumitaw ang sumusunod na isyu: 25 sa batas, 8 sa representasyon, 2 sa politikal na branding, 17 sa kontrobersiya, 5 sa sangay ng pamahalaan, 6 sa politikal na partisipasyon, 13 sa politikal na proseso, 7 sa pangyayari, 7 sa sistema ng pamamahala, 3 sa pagkakapantay-pantay, 3 sa programa/proyekto, 6 sa korupsyon, 3 sa internasyonal na ugnayan. Nakapagtala ng 102 na rehistro ng wika sa isyung politikal na nasa konteksto ng lipunan, batas, seguridad, midya, korupsyon, ekonomiya, administrasyong pampubliko, pamamahala, politika, kasaysayan, pananaliksik, militar, teknolohiya, agham, kalikasan, at kultural. . Nakabuo ng glosaryong politikal ukol sa mga isyung mababasa sa *Facebook*. Naglalaman ito ng paglalahad ng domeyn, palabuoan, pinagmulan ng salita, ispesipikong taon ng pagkakagamit sa *Facebook*, at pagbibigay-kahulugan sa mga mga ito.

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.

## Konklusyon

Mula sa pangangalap ng mga balitang onlayn sa *Facebook* at pagtatala ng rehistro ng wika ukol sa usaping politikal, nabuo ang sumusunod na konklusyon:

Umiiral ang malawak na baryasyon ng isyung sumasaklaw sa politikal na sistema sa mga balitang mababasa sa *Facebook*. (2) May mga kontekstong pinagmumulan ang rehistro na hindi lamang sa isang dominyo ang pokus kundi may ibang implikasyon sa iba't ibang politikal na sistema. (3) May 102 na entri ng mga rehistrong naitala sa nabuong glosaryong politikal kung saan pinakamalaking bilang nito ay tungkol sa batas at pinakamaliit na bilang ay mula sa internasyonal na ugnayan. May pagtukoy rin ito sa ispesipikong domeyn na nagbibigay-pansin sa tiyak na konteksto o gamit ng salita sa isang partikular na sitwasyon.

## Rekomendasyon

Mula sa naging resulta ng pananaliksik, nabuo ang sumusunod na rekomendasyon:

Ipabalido ang nabuong glosaryo upang matiyak ang kaangkupan nito. Para sa mga guro at mag-aaral, gamitin ang nabuong glosaryong politikal bilang talaan at sanggunian ng mga konsepto na hindi nauunawan pagdating sa mga araling may kaugnayan sa isyung panlipunan, agham pampolitika, at wika. Sa administrador at kawani ng ahensiyang pang-Filipino, ipalimbag ang mga pananaliksik ukol sa glosaryo at diksyunaryo upang magamit ng mga mag-aaral na Filipino. Mapupunan din nito ang kakulangan sa korpus ng wika sa disiplina. Sa paaralang gradwado o departamento ng Filipino, magsagawa ng mga lektura at pampagsasanay ukol sa pananaliksik sa larangang leksikograpiya. Gamitin ng *Netizen* ang nabuong glosaryo upang maiwasto ang maling pagkaunawa sa mga konseptong nakikita sa *internet* o social networking sites partikular na ang mga disimpormasyon sa bahagi ng *fact checking*. Maitatama nito ang mga sinusunod at nakasayang pagkaunawa sa mga gamit ng termino. Maaaring gamitin ang *Speect Act Theory* sa proseso ng pagbuo ng glosaryo na ukol sa iba pang isyu, upang matukoy ang pagkakaiba nito sa isang usapin at mapalitaw ang tiyak na kahulugan nito ayon sa konteksto ng pagkakagamit.

## REFERENCES

Acerit M. et al (2018). Piglas-Diwa: Kontekstwalisadong Komunikasyon sa Filipino. Malabon City: Mutya Publishing House Inc.

Acopra, J. A. et al. (2016). Kadluan at Tinig sa Wika at Kulturang Pilipino. Instramuros Maynila: Mindshapers co., inc.

Almario, V. S. (2015). Pagpaplanong Wika at Filipino. San Miguel, Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino.

Billman, J. (2018). Examples of Political Issues. Hango 04 Abr 2022 mula sa https://classroom.synonym.com/essay-topics-human-rights-8681499.html

Berger, J at Milkman K. (2011). What Makes online Content Viral?. Hango 11 Oct 2021 mula sa https://jonahberger.com/wpcontent/uploads/2013/02/ViralityB.pdf

Bimber, B. (2012). Digital media and citizenship. In H. A. Semetko & M. Scammell (Eds.), The SAGE handbook of political communication (pp. 115-126). Thousand Oaks, CA: SAGE Publications Inc

Biswas, A. (2020). What Is Political Theory? And Why Should We Study It? Hango 03 Abr 2022 mula sa https://schoolofpoliticalscience.com/why-should-we-study-political-theory/

Cadwell N. at Richman (2020). Politics 50 political terms to know for the upcoming election. Hango 13 Okt 2021 mula sa https://stacker.com/stories/3970/50-political-terms-know-upcoming-election

Caja C, Nada, M. at Villalobos, C. (2015). Komunikasyon sa Akademikong Filipino. Southern Luzon State University: College of Arts and Sciences

Conaco, MC at Quinones, D. (2015). Ang Antas ng Pulitikal na Pagkilos bilang Epekto ng Sosyal na Identidad bilang Pilipino, ng mga Representasyon tungkol sa Demokratikong Pagkamamamayan, at ng Pulitikal na Bisa. Diwa E-Journal Tomo 3, https://www.pssp.org.ph/diwa/diwa-e-journal-tomo-3-nobyembre-2015-ang-antas-ng-pulitikal-na-pagkilos-bilang-epekto-ng-sosyal-na-identidad-bilang-pilip-

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.

ino-ng-mga-representasyon-tungkol-sa-demokratikong-pagkamamamayan-at-ng/
De Guzman, JM. (2017). Discipline and Ideas in the Social Sciences. Malabon City: Mutya Publishing House, Inc.
Dovi, S. (2018). Political Representation. Hango 28 Enero 2022 mula sa https://plato.stanford.edu/entries/political-representation/
Dryzek, J. Honig, B., at Phillips, A. (2013). Overview of Political Theory. Hango 16 Mayo 2022 mula sa https://www.oxfordhandbooks.com/view/10.1093/oxfordhb/9780199604456.001.0001/oxfordhb-9780199604456-e-002
Elli, MVC, L. (2012). MIND, CORRUPTED CULTURE? Pag-aaral sa Diksyonaryo ng Korapsyon sa Pilipinas sa Sosyolinggwistiks na Pananaw. Hango 17 Enero 2022 mula sa https://www.academia.edu/25989693/CORRUPTED_MIND_CORRUPTED_CULTURE_Pag_aaral_sa_Diksyonaryo_ng_Korapsyon_sa_Pilipinas_sa_Sosyo linggwistiks_na_Pananaw
European Institute for Gender Inequality (2017). Gender equality in political decision-making. Hango 29 Enero 2022 mula sa https://eige.europa.eu/publications/gender-equality-political-decision-making
Geronimo, J., Petras J., at Taylan D. (2016). Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino. Maynila: Rex Book Store.
Izura, C. (2011). A normative study of acronyms and acronym naming. Hango 08 Abr 2022 mula sa https://link.springer.com/article/10.3758/s13428-011-0175-8
Le, T. et al. (2019). "Fake News" Is Not Simply False Information: A Concept Explication and Taxonomy of Online Content. Hango 23 Abr 2022 mula sa https://journals.sagepub.com/doi/full/10.1177/0002764219878224
Mambrol, N. (2020). Speech Act Theory. Hango 13 Dec 2022 mula sa https://literariness.org/2020/10/11/speech-act-theory/
Narvaez, EA. G. (2016). Sawikaan: Isang Dekada ng Pagpili ng Salita ng Taon. San Miguel, Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino
Nassaji, H. (2015). Qualitative and descriptive research: Data type versus data analysis. Hango 12 Dis 2021 mula sa https://www.researchgate.net/publication/276397426_Qualitative_and_descriptive_research_Data_type_versus_data_analysis
Nordquist, R. (2019). Illocutionary Act. Making an Explicit Point. Hango 16 Abr 2022 mula sa https://www.thoughtco.com/illocutionary-act-speech-1691044
Pazzibugan, D. at Subingsubing K. (2021). DOJ drug war review: Killer cops had it easy. Hango 03 Nob 2021 mula sa https://newsinfo.inquirer.net/1504546/doj-drug-war-review-killer-cops-had-it-easy#ixzz7uP57TmXy
Pew Research Center (2016). Social Media Update 2016. Hango 08 Abr 2022 mula sa https://www.pewresearch.org/internet/2016/11/11/social-media-update-2016/
Press Release (2019). Despite cuts, 2019 budget provides higher budget to PRRD's priority projects. Hango 08 Abr 2022 mula sa https://legacy.senate.gov.ph/press_release/2019/0405_prib1.asp
Pulido CM, Redondo-Sama G, Sordé-Martí T, Flecha R (2018) Social impact in social media: A new method to evaluate the social impact of research. PLoS ONE 13(8): e0203117. https://doi.org/10.1371/journal.pone.0203117
Ranada, P. (2021). Duterte, fond of sexist jokes, issues Women's Month message. Hango 08 Abr 2022 mula https://www.rappler.com/nation/duterte-womens-month-2021-message/
Reyes, R. T. (2017). Wika at Batas. Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino
San Juan, DM M. (2019). Suri Saliksik Sanaysay. Sentro ng Wikang Filipino. Quezon City: Unibersidad ng Pilipinas-Diliman.
Sawyer R. (2011). The Impact of New social media on Intercultural Adaptation. University of Rhode Island DigitalCommons@URI. Hango 13 Okt 2021 mula sa https://digitalcommons.uri.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=1230&context=srhonorsprog
Spacey, J. (2021). 103 Examples of Political Issue. Hango 16 Mayo 2021 mula sa https://simplicable.com/en/political-issues
Tadem E. (2016). Political dynasties in the Philippines: Persistent patterns, perennial problems. Hango 08 Abr 2022 mula sa https://journals.sagepub.com/doi/abs/10.1177/0967828X16659730
Torres-Spelliscy, C. (2019). The Power of Branding in Politics. Hango 29 Dis 2021 mula sa The Power of Branding in Politics | Brennan Center for Justice
Tullao, T.S. (2016). Pagbuo ng Registri sa Larang ng Ekonomiks: Isang Hak bang Tungo sa Intelektuwalisasyon. Pamantasan ng De Lasalle-Maynila. Hango 17 Enero 2022 mula sa https://studylib.net/doc/25291268/pagbuo-ng-registri-sa-larang-ng-ekonomiks-isang-hakbang-t...
Tudtod, A. R. (2020). Barayti ng Wikang Filipino sa Balita o Lathalaang Pan showbiz sa mga Pangunahing Peryodiko. International Social Science Review vol. 1 no. 1 (2020). Hango 20 Enero 2022 mula sa https://ejournals.ph/article.php?id=15487
Uhlaner, C. J. (2015). Politics and Participation. Hango 29 Dis 2021 mula sa https://www.sciencedirect.com/topics/social-sciences/political-participation
University of Minnesota (2021). What is Speech Act. Hango 17 Abr 2022 mula sa https://carla.umn.edu/speechacts/definition.html
Vasay, J. G. (2015). Speech Acts in Kris Aquino's Tweets: A Content Analysis. Hango 16 Abr 2022 mula sa https://www.researchgate.net/publication/276441949_Speech_Acts_in_Kris_Aquino's_Tweets_A_Content_Analysis
Villanueva, P. (2017). DIWA Senior High School Series: Philippine Politics and Governance. Makati City: Diwa Learning Systems Inc.
Whittington, K. (2012). Law and Politics: Critical Concepts in Political Science. Hango 29 Dis 2021 mula sa http://www.princeton.edu/~kewhitt/lawandpolitics

Scholarum:Journal of Education by De La Salle Lipa is licensed under a Creative Commons Attribution-NoDerivatives 4.0 International License.